REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

## Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD 96-313**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGPASOK SA KASUNDUAN NG PAG-UPA NG "OFFICE SPACE" NA PANSAMANTALANG GAGAMITIN NG TANGGAPAN NG PANGLUNGSOD NA TAGA-USIG (CITY PROSECUTORS OFFICE).**

*************************************************************************************

Ipinanukala ni : **KGG. RUFINO B. JOAQUIN**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang City Prosecutor's Office, mula ng maging isang independiyenteng sangay ng Tagausig ng ito ay napahiwalay sa probinsiya ng Rizal, ay dinagsaan ng mga kasong dinidinig sa hukuman na nasa Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** sa biglang pagdami ng mga kasong inihaharap dito, ang Kagawaran ng Katarungan ay nagdagdag ng mga Tagausig (Prosecutor );

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan, ang Tanggapang ginagamit ay hindi na angkop sa dami ng mga kasong dinidinig dito;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod, sa layunin na mapagkalooban ang mga mamamayan ng mabilis at mahusay na serbisyo sa pagkakaroon ng maayos na Tanggapan ng Tagausig ay naghanap ng karagdagang espasyo na paglalagyan nito;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay nakatagpo na ng isang "Office Space" na angkop paglagyan ng nasabing Tanggapan na malapit din sa Pamahalaang Lungsod, ito ay matatagpuan sa ikatlong palapag ng Dona Zoila Building, National Road, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa na pag-aari ng TLGC Enterprises;

**SAPAGKAT,** ang natagpuang "Office Space" ay angkop na angkop upang mapagsilbihan ang ating mga kababayan na dumudulog dito;

**SAPAGKAT,** ang halaga na sinisingil dito ay hindi naman kamahalan at umaabot lamang sa P35,000.00 kada buwan para sa kabuuan ng ikatlong palapag;

**SAPAGKAT,** sa kadahilanan na ang pagpapalaki ng Tanggapan ng Panglungsod ng Tagausig ay kailangang-kailangan, ang Punonglungsod ay humiling sa Sangguniang Panglungsod na pagtibayin ang "Contract of Lease" na papasukan ng Pamahalaang Lungsod hinggil dito;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang "Contract of Lease" at pagkalooban ang Punonglungsod, KGG. Ignacio R. Bunye ng kapangyarihan na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa kasunduan ng pag-upa ng kuwarto sa ikatlong palapag ng gusali ng Dona Zoila Bldg. National Road Putatan Lungsod ng Muntinlupa na pag-aari ng TLGC Enterprises upang pansamantalang magamit ng City Prosecutor.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 3 ng Setyembre, 1996 sa ginanap na ika - 53 Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**Pahina -2-**
**Kapasiyahang Panglungsod Bilang 96-313**

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**KGG. ALLAN REY E. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Pinatototohanan ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATOTOHANAN:**

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: 9/11